# ARALIN 35

1. Nang ibigay ng Diyos kay Moises ang Kanyang sampung utos, inutusan din Niya si Moises na magtayo ng isang bagay para sa Kanya. Ano iyon?
-Inutusan ng Diyos si Moises na magtayo ng tolda para sa Kanya.

2. Kailangan ba ng Diyos ng bahay na tirahan?
-Hindi.

3. Bakit hindi kailangan ng Diyos ng bahay na matitirhan?
-Dahil ang Diyos ay Espiritu.
-Dahil ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

4. Ano ang kasunduan na ginawa ng Diyos sa mga Israelita?
-Kung susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, pagpapalain sila ng Diyos, subalit kung hindi susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, sila ay parurusahan ng Diyos.

5. Nasunod ba ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos?
-Hindi.

6. Alam ba ng Diyos na hindi nagawang sundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos?
-Oo.

7. Ano ang parusa ng Diyos sa paglabag sa kahit isa lamang sa Kanyang mga utos?
-Kamatayan sa Lawa ng Apoy.



8. Ano ang paraan ng pagtakas na ibinigay ng Diyos para sa mga Israelita?
-Kapag ang mga Israelita ay nagkasala at lumabag sa isa sa mga utos ng Diyos, ang mga Israelita ay pupunta sa tolda at dadalhin ang dugo ng mga hayop.

9. Ano ang gagawin ng Diyos kapag nakita Niya ang dugo ng mga hayop?
-Kapag nakita ng Diyos ang dugo ng mga hayop, hindi Niya parusahan ang mga Israelita hanggang sa mabayaran ang kasalanan.

10. Paano ninais ng Diyos na itayo ni Moises at ng mga Israelita ang tolda?
-Eksakto ayon sa sinabi ng Diyos.

11. Ano ang mga pangalan ng dalawang silid na iniutos ng Diyos kay Moises na gawin sa tolda?
-Ang Banal na Silid at ang Kabanal-banalang Silid.

12. Ano ang pangalan ng espesyal na kahon na iniutos ng Diyos kay Moises na gawin at ilagay sa Kabanal-banalang Silid?
-Ang Kaban ng Tipan.

13. Ano ang kahulugan ng kurtinang naghahati sa Kabanal-banalang Silid at ng Banal na Silid?
-Ang kurtina ay upang ituro sa mga Israelita na sila ay hiwalay sa Diyos dahil sa kasalanan.

14. Bakit inutusan ng Diyos ang mga Israelita na ilagay ang kanilang kamay sa ulo ng hayop na kanilang papatayin?

-Ipapatong ng Israelita ang kanyang kamay sa ulo ng hayop upang aminin sa Diyos na siya ay nagkasala at dapat mamatay, subalit tatanggapin ng Diyos ang kamatayan ng hayop at hindi ang kanyang kamatayan.

15. Ang dugo ba ng mga hayop ay nakapagbayad sa mga kasalanan ng mga Israelita?
-Hindi.

16. Kung gayon bakit hiniling ng Diyos sa mga Israelita na magpatay ng hayop para sa kanilang mga kasalanan?
-Itinuro ng Diyos sa mga Israelita na ang kaparusahan sa kasalanan ay kamatayan.

17. Ano ang gagawin ng Diyos kapag nakita Niya ang dugo ng mga hayop?
-Kapag nakita ng Diyos ang dugo ng mga hayop, hindi Niya parusahan ang mga Israelita hanggang sa mabayaran ang mabuting dugo.

18. Nang dumating ang araw na pinili ng Diyos para kay Aaron na pumasok sa Kabanal-banalang Silid, ano ang iniutos ng Diyos kay Aaron na dalhin kasama niya?
-Inutusan ng Diyos si Aaron na dalhin ang dugo ng isang hayop sa Kabanal-banalang Silid.

19. Kung si Aaron ay sumunod sa Diyos, at nagwiwisik ng dugo sa Kaban ng Tipan, kung gayon ano ang gagawin ng Diyos?
-Ibibimbin muna ng Diyos ang Kanyang kaparusahan sa mga kasalanan ng mga Israelita sa loob ng isang taon hanggang sa isang mas mabuting kabayaran para sa kasalanan ay magawa.



-Habang si Moises ay nasa Bundok Sinai na nakikipag-usap sa Diyos, ano ang ginagawa ng mga Israelita sa ibaba ng bundok?

Basahin natin ang Exodo 32:1-6

1-Nang makita ng bayan na nagtatagal si Moises ng pagpanaog sa bundok, ay nagtipon ang bayan kay Aaron, at sinabi sa kanya, “Tumindig ka at igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin; Sapagkat ang Moises na ito na naglabas sa amin mula sa lupain ng Ehipto, ay hindi namin alam kung ano na ang nangyari sa kanya.”
2-At sinabi ni Aaron sa kanila, “Alisin ninyo ang mga hikaw na ginto na nasa tainga ng inyu-inyong asawa, ng inyong mga anak na lalaki at babae, at dalhin ninyo sa akin.”
3-Kaya’t inalis ng buong bayan ang mga hikaw na ginto na nasa kanilang mga tainga, at dinala ang mga ito kay Aaron.
4-Kanyang tinanggap ang ginto mula sa kanila at hinubog ito sa pamamagitan ng isang kagamitang panlilok, at ginawang isang hinulmang guya. At kanilang sinabi, “Ang mga ito ang iyong mga diyos, O Israel, na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto!”
5-Nang makita ito ni Aaron, nagtayo siya ng isang dambana sa harapan niyon. Nagpahayag si Aaron at sinabi, “Bukas ay isang pista sa Panginoon.”
6-Kinaumagahan, sila’y bumangon nang maaga, nag-alay ng mga handog na sinusunog at nagdala ng mga handog pangkapayapaan; At ang taong-bayan ay naupo upang kumain at mag-inuman at bumangon upang magkatuwaan.

-Ano ang ginagawa ng mga Israelita sa ibaba ng bundok?

-Gumawa ang mga Israelita ng isang guya mula sa ginto, at sinamba nila ito.

-Ano ang unang utos na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita?

-Na ang Diyos lamang ang maging Diyos ng lahat ng tao.

-Ang mga Israelita ba ay naglagay ng ibang bagay na sa tingin nila ay mas higit sa harap ng Diyos?
-Oo.

-Ano ang pangalawang utos na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita?

-Na walang dapat gumawa ng anumang imahen o sambahin ito.

-Gumawa ba ang mga Israelita ng imahen at sinamba ito?
-Oo.

-Ilang araw lamang ang nakalipas, sinabi ng mga Israelita na susundin nila ang lahat ng utos ng Diyos.

-Subalit ngayon, nilalabag ng mga Israelita ang unang dalawang utos na ibinigay ng Diyos sa kanila.

-Nakita ng mga Israelita ang Diyos na nagpadala ng sampung salot kay Paraon at sa mga Ehipsiyo.

-Nakita ng mga Israelita na pinaghiwalay ng Diyos ang Dagat na Pula upang makadaan sila sa dagat.

-Nakita ng mga Israelita na winasak ng Diyos si Paraon at ang kanyang hukbo sa Dagat na Pula.



-Nakita ng mga Israelita na nagpadala ang Diyos ng pugo at manna mula sa langit.

-Nakita ng mga Israelita na binigyan sila ng Diyos ng tubig mula sa bato.

-Ngayon, ang mga Israelita ay sumasamba sa isang gintong guya, at sinasabi na ang gintong guya ang nag-akay sa kanila palabas ng Ehipto.

-Alam ba ng Diyos na ang mga Israelita ay sumasamba sa isang gintong guya?

Basahin natin ang Exodo 32:7-8

7-Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Bumaba ka agad! Ang iyong bayan na inilabas mo mula sa lupain ng Ehipto ay nagpapakasama.
8-Sila’y madaling lumihis sa daan na aking iniutos sa kanila. Sila’y gumawa ng isang hinulmang guya at kanilang sinamba, at hinandugan ito, at kanilang sinabi, ‘Ang mga ito ang iyong mga diyos, O Israel, na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto!’”

-Alam ba ng Diyos na ang mga Israelita ay sumasamba sa isang gintong guya?
-Oo.

-Nakita ng Diyos ang mga Israelita na sumasamba sa isang gintong guya.

-Nakita ng Diyos ang lahat.

-Nakita ng Diyos sina Adan at Eba na kumakain ng prutas na ipinag-utos Niya sa kanila na huwag kainin.

-Nakita ng Diyos na pinatay ni Cain si Abel.

-Nakita ng Diyos ang kasalanan ng masasamang tao ng Sodoma at Gomorra.

-Nakita ng Diyos na ibinenta si Jose ng kaniyang mga kapatid sa pagkaalipin sa Ehipto.

-Nakikita ng Diyos ang lahat ng kasalanan, at kinamumuhian Niya ang lahat ng kasalanan.

-Nagalit ba ang Diyos sa mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 32:9-10

9-At sinabi ng Panginoon kay Moises, "Aking nakita ang bayang ito, napakatigas ng kanilang ulo.
10-Kaya ngayo'y hayaan mo ako upang ang aking poot ay mag-alab laban sa kanila, at aking lipulin sila. Ngunit ikaw ay aking gagawing isang dakilang bansa."

-Nagalit ang Diyos sa mga Israelita.

-Nagalit ang Diyos sa mga Israelita kaya nais Niyang lipulin sila.

-Ano ang sinabi noon ni Moises sa Diyos?

Basahin natin ang Exodo 32:11-14



11-Ngunit nagsumamo si Moises sa Panginoon niyang Diyos, at sinabi, "Panginoon, bakit ang iyong poot ay pinag-aalab mo laban sa iyong bayan na iyong inilabas sa lupain ng Ehipto sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay?
12-Bakit kailangang sabihin ng mga Ehipcio, 'Dahil sa masamang layunin ay kanyang inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok, at upang lipulin sila mula sa balat ng lupa?' Iurong mo ang iyong mabangis na poot, at baguhin mo ang iyong isip sa kasamaang ito laban sa iyong bayan.
13-Alalahanin mo si Abraham, si Isaac, at si Israel na iyong mga lingkod. Sa kanila ay sumumpa ka sa iyong sarili, at sinabi mo sa kanila, 'Aking pararamihin ang inyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at lahat ng lupaing ito na aking ipinangako ay aking ibibigay sa inyong binhi, at kanilang mamanahin ito magpakailanman.'"
14-At nagbago ang isip ng Panginoon sa masama na kanyang sinabing gagawin niya sa kanyang bayan.

-Bakit hindi nilipol ng Diyos ang lahat ng mga Israelita?

-Dahil nanalangin si Moises sa Diyos na huwag silang lipulin.

-Ano ang sinabi ni Moises upang kumbinsihin ang Diyos na huwag lipulin ang mga Israelita?

-Sinabi ni Moises na kung lipulin ng Diyos ang mga Israelita, sasabihin ng mga Ehipsiyo na pinalabas sila ng Diyos sa Ehipto upang patayin sila.

-Sinabi din ni Moises na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako kina Abraham, Isaac, at Jacob na magkakaroon sila ng maraming

lahi na magiging dakila sa lahat ng tao.

-Dahil nanalangin si Moises sa Diyos, hindi nilipol ng Diyos ang mga Israelita.

-Pagkatapos, bumaba muli si Moises sa Bundok Sinai.

-Ano ang ginawa ni Moises nang marating niya ang ibaba ng Bundok Sinai?

Basahin natin ang Exodo 32:15-19

15-Si Moises ay tumalikod at bumaba sa bundok, dala ang dalawang tapyas ng tipan sa kanyang mga kamay, mga tapyas na may sulat sa magkabilang panig niyon, sa isang panig at sa kabilang panig ay nakasulat ang mga iyon.
16-Ang mga tapyas ay gawa ng Diyos, at ang sulat ay sulat ng Diyos, na nakaukit sa mga tapyas.
17-Nang marinig ni Josue ang ingay ng bayan habang sila'y nagsisigawan, sinabi niya kay Moises, "May ingay ng digmaan sa kampo."
18-Ngunit kanyang sinabi, "Hindi iyon ingay ng sigaw ng pagtatagumpay, o ingay man ng sigaw ng pagkatalo, kundi ingay ng mga umaawit ang aking naririnig."
19-Nang makalapit siya sa kampo, at kanyang makita ang guya at ang pagsasayawan, ang galit ni Moises ay nag-alab, at kanyang ibinato ang mga tapyas na nasa kanyang mga kamay at binasag ang mga ito sa paanan ng bundok.

-Nagalit si Moises sa mga Israelita kaya ibinagsak niya ang dalawang tapyas na bato ng mga utos ng Diyos at sinira ang mga ito.



-Kung gayon, ano ang ginawa ni Moises?

Basahin natin ang Exodo 32:20

20-Kanyang kinuha ang guya na kanilang ginawa, sinunog ng apoy, giniling hanggang sa naging pulbos, isinaboy sa tubig, at ipinainom sa mga anak ni Israel.

-Sinira ni Moises ang gintong guya, giniling ang ginto upang maging pulbos, ikinalat ang pulbos sa tubig, at pinilit na inumin ito ng mga Israelita.

-Dahil binasag ni Moises ang dalawang tapyas na bato kung saan nakasulat ang sampung utos ng Diyos, ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gagawin?

Basahin natin ang Exodo 34:1-2

1-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Tumabas ka ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una, at aking isusulat sa mga tapyas ang mga salita na nasa unang mga tapyas na iyong binasag.
2-Maghanda ka sa kinaumagahan, at umakyat ka kinaumagahan sa bundok ng Sinai at humarap ka sa akin doon sa tuktok ng bundok."

-Sinabi ng Diyos kay Moises na mag-ukit ng dalawang bagong tapyas, at dalhin ito sa bundok kung saan isinulat muli ng Diyos ang Kanyang sampung utos.

-Sa Bundok Sinai, isinulat muli ng Diyos ang Kanyang sampung utos sa bagong tapyas na bato.

-Naaalala mo ba na sinabi ng Diyos kay Moises na ang mga Israelita ay magtatayo ng tolda para sa Kanya?

-Paglipas ng panahon, ang mga Israelita ay nagtayo ng tolda nang eksakto tulad ng sinabi ng Diyos kay Moises.

Basahin natin ang Exodo 39:42-43 & 40:17

42-Ayon sa lahat ng iniutos ng Panginoon kay Moises, gayon ginawa ng mga anak ni Israel ang lahat ng gawa.
43-At nakita ni Moises ang lahat ng gawain at kanilang ginawa iyon; kung paanong iniutos ng Panginoon ay gayon nila ginawa. At binasbasan sila ni Moises.
17-Sa unang buwan ng ikalawang taon, ng unang araw ng buwan, ang tabernakulo ay itinayo.

-Dahil ang mga Israelita ay nagtayo ng tolda nang eksakto tulad ng sinabi ng Diyos sa kanila, ang kaluwalhatian ng Diyos ay pumasok sa tolda.

Basahin natin ang Exodo 40:34-35

34- Pagkatapos ay tinakpan ng ulap ang toldang tipanan at pinuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang tabernakulo.
35-Si Moises ay hindi makapasok sa toldang tipanan, sapagkat nanatili sa ibabaw niyon ang ulap, at pinuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang tabernakulo.

-Kung ang mga Israelita ay hindi nagtayo ng tolda nang eksakto tulad ng sinabi ng Diyos sa kanila, ang kaluwalhatian ba ng Diyos ay makapapasok sa tolda?



-Hindi.

-Dahil ang mga Israelita ay nagtayo ng tolda nang eksakto tulad ng sinabi ng Diyos sa kanila, ang kaluwalhatian ng Diyos ay pumasok sa tolda.

-Ang mga Israelita ba ay lumalapit sa Diyos sa kanilang sariling kaparaanan?

-Hindi.

-Ano ang tanging kaparaanan upang ang mga Israelita ay makalapit sa Diyos?

-Ang kaparaanan ng Diyos.

-Paano natin malalaman ang pamamaraan ng Diyos?

-Sa pamamagitan ng Aklat ng Diyos, ang Bibliya.